# Pagpapatatag ng batas sa pamamahala ng emerhensya sa New Zealand

Ang New Zealand ay may kahinaan laban sa isang malawak na hanay ng mga peligro na maaaring magsanhi ng mga sakuna, gaya ng baha, wildfire, pandemya, lindol, o hindi paggana ng imprastraktura. Bilang isang bansa, kailangan nating matuto mula sa mga nakaraang emerhensya upang patatagin ang ating kakayahan laban sa sakuna.

Binabalak ng Pamahalaan na magharap ng bagong batas kalaunan sa taong ito upang patatagin at gawing makabago ang pamamahala ng New Zealand sa panganib ng mga emerhensya. Papalitan ng batas na ito ang Civil Defence Emergency Management Act 2002 (ang CDEM Act).

Bilang bahagi ng prosesong ito, nais malaman ng National Emergency Management Agency (NEMA) ang iyong mga opinyon tungkol sa mga isyu at opsyon na nakabalangkas sa isang dokumentong pantalakay. Ang iyong feedback ay tutulong upang pagbatayan ng payo sa Pamahalaan ng NEMA tungkol sa nilalaman ng batas.

**Proseso ng konsultasyon**

Maaari mong makita sa website ng NEMA ang buong dokumentong pantalakay at karagdagang impormasyon kung paano ka makakapagbigay ng iyong opinyon.

Konsultasyon ukol sa Panukalang-Batas sa Pamamahala ng Emerhensya

Ang pampublikong konsultasyon ay **magsasara sa 5pm sa ika-13 ng Mayo 2025**.

## *Ano ang ginagawa ng Civil Defence Emergency Management Act?*

Ang CDEM Act ay nagbibigay:

- sa mga ahensyang pampamahalaan, lokal na pamahalaan, serbisyong pang-emerhensya at lifeline utility (gaya ng network ng kuryente) ng mga tungkulin at responsibilidad sa pamamahala ng emerhensya
- ng mga di-karaniwang kapangyarihan na magagamit upang protektahan ang mga tao at pangasiwaan ang mga kahihinatnan kapag may nangyaring emerhensya
- ng mga kahingian para sa pambansa at lokal na pagpaplano ng pamamahala sa emerhensya
- ng kakayahang magtakda ng mga mas madetalyeng inaasahan at pamantayan para sa pamamahala ng emerhensya sa pamamagitan ng mga regulasyon o mga hindi pambatas na dokumento.

## *Bakit kailangan ng pagbabago sa batas?*

Ipinakita ng isang pagsisiyasat (inquiry) makaraan ang Bagyong Gabrielle at iba pang mga review na kailangang pabutihin ang CDEM Act at ang pamamaraan sa pamamahala ng emerhensya.

Nilalayon ng Pamahalaan na tumugon sa mga inquiry at review sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong batas pati na rin ng hindi pambatas na mga pagpapabuti (gaya ng pagsasanay). Makikita sa website ng NEMA ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga tinutuunang bahagi ng Pamahalaan para sa gawaing ito:

[Pagpapatatag ng kakayahan sa oras ng sakuna at pamamahala ng emerhensya]

Ang mga panukalang layunin ng Pamahalaan para sa bagong batas, at ang mga kaugnay na isyu nito, ay nakabuod sa ibaba. Nagbigay din kami ng buod ng mga opsyon upang talakayin ang mga isyu sa ilalim ng Layunin 1, dahil sa aming palagay, magiging higit na interesado ang mga komunidad sa mga ito.

## *Layunin 1: Pagpapatatag ng komunidad at paglahok ng iwi Māori*

Lahat ay may tungkuling gagampanan sa pamamahala ng emerhensya – bago mangyari, habang nangyayari at makaraang mangyari ang sakuna.

Nais makamit ng Pamahalaan ang pamamaraang 'buong lipunan' sa pamamahala ng emerhensya, kung saan maaaring kumilos ang mga komunidad kaagapay ng 'opisyal' na sistemang pang-emerhensya.

Ibig sabihin, magkakaroon ng isang sistema sa pamamahala ng emerhensya na may mahusay na pag-unawa ng iba't ibang pangangailangan ng mga komunidad, lalo na ang mga komunidad na maaaring kumaharap sa mga mas masamang kahihinatnan. Nangangahulugan din ito ng pagkakaroon ng isang sistema na makakagamit ng mga karanasan o kaalaman na iniaalok ng mga iwi Māori, grupong pangkomunidad, negosyo, naboboluntaryo, at iba pang mga organisasyon, bago mangyari, habang nangyayari at makaraang mangyari ang mga emerhensya.

Ang mga isyu at opsyon na aming pinag-aaralan sa ilalim ng Layuning ito ay ang:

### 1. Matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga tao at komunidad

Kabilang sa mga opsyon ang:

1) magbigay ng mas iniangkop na impormasyon tungkol sa pamamahala ng emerhensya sa iba't ibang grupo batay sa kanilang partikular na mga pangangailangan o interes
2) kailanganin ng mga planong pang-emerhensya ng lokal na pamahalaan na isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga tao na maaaring hindi proporsiyonadong apektado ng mga emerhensya.
3) kailanganin ang Direktor ng NEMA na kumonsulta sa mga kinatawan ng mga komunidad na hindi proporsiyonadong apektado upang magbigay-kaalaman sa pambansang pagpaplano

### 2. Pagpapatatag at pakikilahok ng iwi Māori sa pamamahala sa emerhensya

Kabilang sa mga opsyon ang:

1) talakayin ang mga tungkulin ng iwi Māori sa mga plano, patnubay, at iba pang polisiya
2) kailanganin ang pangangatawan ng iwi Māori sa mga lupon na gumagawa ng desisyon tungkol sa pamamahala ng emerhensya ng lokal na pamahalaan

3) kailanganin ang lokal na pamahalaan na makipag-ugnayan sa iwi Māori habang bumubuo ng mga plano sa pamamahala ng emerhensya
4) kailanganin ang Direktor ng NEMA na humingi ng payo tungkol sa mga pinagmamalasakitan at kaalaman ng Māori upang pagbatayan sa pambansang pagpaplano

**3. Pagpapatatag at pakikilahok ng komunidad sa pamamahala ng emerhensya**

Kabilang sa mga opsyon ang:

1) magbigay ng mas mainam na impormasyon at patnubay para sa mga grupong pangkomunidad
2) kailanganin ang mga planong pang-emerhensya ng lokal na pamahalaan na magsaad kung paano nila pamamahalaan ang mga alok na tulong mula sa publiko

**4. Pagkilala na kadalasan, ang unang tumutugon sa isang emerhensya ay ang mga tao, negosyo at komunidad**

Kabilang sa mga opsyon ang:

1) magbigay ng mas malawak na proteksyong pambatas para sa mga taong kumikilos na may mabuting layunin sa panahon ng isang emerhensya
2) makapagbigay ng kompensasyon, sa ilang sirkumstansya, para sa mga gastos sa pagtatrabaho kapag inutusan ang mga tao ng mga awtoridad sa pamamahala ng emerhensya

## *Layunin 2: Pagbibigay ng mga malinaw na responsibilidad at pananagutan sa pambansa, pang-rehiyon at lokal na mga antas*

Isang malawak na hanay ng mga organisasyon ang may mga tungkulin at responsibilidad sa pamamahala ng emerhensya. Ang mga tungkulin at responsibilidad na ito ay nakasaad sa CDEM Act at sa iba pang mga dokumentong pambatas.

Nais tiyakin ng Pamahalaan na malinaw kung sino ang gagawa ng ano, paano magtutulungan ang mga organisasyon, at mayroong malinaw na linya ng pananagutan para sa mga taong may ligal na responsibilidad sa ilalim ng CDEM Act.

Ang mga isyu na aming pinag-aaralan sa ilalim ng layuning ito ay ang:

**5. Mas malinaw na direksyon at kontrol ng kabuuang pagtugon sa pagpapatakbo sa isang emerhensya, kabilang kung walang idineklarang 'emerhensyang katayuan' (state of emergency)**

**6. Pagpapatatag ng pamunuan sa rehiyon at pagkoordina ng pamamahala sa emerhensya – sa pamamagitan ng paglilinaw ng mga tungkulin at responsibilidad, pananagutan, at pagpapatatag ng paggampan**

**7. Pagtiyak na pinapanatiling up to date ang mga plano ng pamamahala sa emerhensya**

### *Layunin 3: Pagkakaroon ng mas mataas na minimum na pamantayan ng pamamahala sa emerhensya*

Maraming mga peligro ang pinamamahalaan ng mga lokal na awtoridad, na may mga mapapagpipiliang pamamahala sa emerhensya na ibinatay sa lokal na kaalaman at sa kanilang bukud-tanging kapaligiran.

Bagama't isang lakas ang pamamaraang ito, nais tiyakin ng Pamahalaan na may mga katanggap-tanggap na mga kalalabasan para sa mga tao sa buong New Zealand.

Ang mga isyu na aming pinag-aaralan sa ilalim ng layuning ito ay ang:

8. **Pagpapatatag ng kakayahang magtakda ng mga pambansang maaasahan at subaybayan at talakayin ang mga isyu sa paggampan kung hindi matugunan ng mga indibidwal o organisasyon ang kanilang mga ligal na responsibilidad**

9. **Pagpapatatag ng pamamahala sa peligro sa antas ng lokal na pamahalaan**

10. **Pagpapatatag ng pagsasaalang-alang sa taonga Māori, iba pang pamanang kultura, at mga hayop (kabilang ang mga alagang hayop, pantrabahong hayop, livestock, at wildlife) habang nangyayari at makaraan ang mga emerhensya**

### *Layunin 4: Bawasan ang pagkaputol ng mga mahahalagang serbisyo*

Ang ating kagalingan ay nagdedepende sa mga mahahalagang serbisyo na tumutugon sa ating mga batayang pangangailangan, pinapanatili tayong ligtas, at hinahayaan tayong mamuhay ng ating mga normal na buhay. Kadalasan, hindi natin nauunawaan kung gaano tayo umaasa sa mga serbisyong ito, gaya sa kuryente, komunikasyon o sistema ng katarungan, hanggang sa may mangyaring mali.

Nais bawasan ng Pamahalaan ang epekto ng mga emerhensya sa mga serbisyong ito, upang tulungan ang mga komunidad na magpatuloy sa normal na paggana o makabalik sa normal sa lalong madaling panahon.

Ang mga isyu na aming pinag-aaralan sa ilalim ng layuning ito ay ang:

11. **Bawasan ang pagkaputol sa imprastraktura na nagbibigay ng mga mahahalagang serbisyo, kabilang ang pagkilala sa mas malawak na hanay ng imprastraktura, pagpapatatag ng pagpaplano, at bawasan ang mga hadlang sa pagtutulungan at pagbabahagi ng impormasyon**
12. **Pagtiyak na pag-iisipan ng lahat ng mga organisasyong pampamahalaan na nagbibigay ng mga mahahalagang serbisyo kung paano mababawasan ang pagkaputol sa mga serbisyong ito sa isang emerhensya**

***Layunin 5: Pagkakaroon ng makukuhang mga tamang kapangyarihan kapag may nangyaring emerhensya***

Sa panahon ng idineklarang state of emergency, o sa pangunang mga yugto ng pagpapanumbalik sa dati, naggagawad ang CDEM Act ng access sa di-karaniwang mga kapangyarihan upang talakayin ang mga panganib sa buhay o propyedad o limitahan ang kalubhaan ng isang emerhensya.

Nais tiyakin ng Pamahalaan na akma para sa layunin ang proseso ng pag-access sa mga kapangyarihang pang-emerhensyang ito, at kung sino ang makakagamit sa mga ito.

Ang mga isyu na aming pinag-aaralan sa ilalim ng layuning ito ay ang:

**13. Pangangasiwa nang ligtas sa pag-access sa mga saradong daan at iba pang mga lugar na may paghihigpit**

**14. Tiyaking maaaring maka-access sa mga kapangyarihang pang-emerhensya ang mga tamang tao sa lokal na antas**

**15. Tiyaking ang mga deklarasyon para sa isang state of emergency ay maaaring mangyari nang mahusay at epektibo, gaya ng paggamit ng mga elektronikong lagda sa mga deklarasyon**

**16. Gawing malinaw kung sino ang magdedeklara ng isang lokal na state of emergency**

## *Magbigay ng iyong opinyon*

Ang mga isyu at opsyon na nakabalangkas sa dokumentong pantalakay ay panimula lamang. Upang bigyang-kaalaman ang aming payo tungkol sa nilalaman para sa bagong batas, nais naming malaman ang iyong opinyon tungkol sa:

- kung paano namin naisalarawan ang isyu
- malamang na mga benepisyo o panganib ng mga opsyon (kabilang ang pagsasabi sa amin kung may iba kang mas gustong opsyon at bakit)
- anumang mga bagong ideya o alternatibong mga opsyon.

Upang magsumite ng iyong mga opinyon, mangyaring gamitin ang submission template na nasa aming website o mag-email sa **EmergencyManagementBill@nema.govt.nz**

**Konsultasyon ukol sa Panukalang-Batas sa Pamamahala ng Emerhensya**

Ang mga submission ay dapat nasa wikang Ingles o te reo Māori. Maaaring ibahagi ang iyong feedback sa ibang mga ahensya ng pamahalaan, ilathala sa aming website, o ibahagi bilang pagtugon sa isang Official Information Act na kahilingan. Kung ikaw ay nagbigay ng impormasyon na hindi mo gustong ibahagi (gaya ng iyong pangalan), mangyaring sabihin ito nang malinaw sa email na kasama ng iyong submission, bigyang-diin ang mga bahagi na hindi mo nais ibahagi at ang iyong mga dahilan sa pagnanais nito.

Upang alamin kung ano ang magagawa mo at ng inyong komunidad upang maging handa para sa isang emerhensya, bisitahin ang: **https://getready.govt.nz/**